K

# Lingguhang Aralin sa Kindergarten

Kuwarter 1
Linggo
9

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Lingguhang Aralin sa Kindergarten**

**Kuwarter 1: Linggo 9**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan sa mga guro para sa implementasyon ng MATATAG Kindergarten Curriculum sa Taong Pampanuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anomang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito ayon sa sinasaklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring maging hakbang sa legal na kaparusahan.

Sinikap na matunton ang mga may-akda ng mga ginamit na materyal na ito para sa paghingi ng permiso. Kung kaya't hindi lubos na inaangkin ang pagmamay-ari ng mga bumuo ng mga kagamitang panturong ito.

**Bumuo ng Materyal**

**Sinuri at Pinagyaman**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Internal:** | Marissa M. Andanza | Ruby E. Baniqued | Gemma G. Bernardo |
| | Dalisay E. Esguerra | Florita R. Matic | |
| | Florante D. Garcia | Lucky S. Carpio | Aubrey M. Arebuabo |
| | Jever E. Sales | Evelyn M. Ramos | |
| **External:** | Jonellie Reynes Santos | Rubie Sajise | Kristine Canon |
| **Tagalapat:** | Dorothy Grace I. Reyes | Ana Lisa M. Mesina | Edgardo Q. Reyes |
| | Cristina Rivera | Klarize B. Bermejo | |
| **Tagaguhit:** | | | |

**Management Team**

**JOCELYN DR ANDAYA** *CESO IV* Regional Director
**CRISTITO A. ECO** *CESO III*, Assistant Regonal Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC Chief Education Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**MARICAR A. BANGIT**, Regional Kindergarten Supervisor
**RUBY E. BANIQUED**, Division LRMS/ Kindergarten Supervisor
**DALISAY E. ESGUERRA**, Division LRMS/ Kindergarten Supervisor

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon ng mga materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

| MATATAG *Kindergarten* Lingguhang Aralin | **Paaralan:** | | | **Petsa:** | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **Pangalan ng Guro:** | | | **Lingguhang Bilang** | 9 |
| | **Pangkat:** | 1. | 2. | **Markahan** | 1 |
| | **Tema:** | Knowing Who We Are and Our Families | | | |

| | |
|---|---|
| **A. Pamantayang Pangnilalaman (*Content Standard*)** | *The learners demonstrate understanding of attitude, emotions, similarities and differences of oneself and others including the concept of family, and of importance of physical health, safety, and appropriate movement concepts.* |
| **B. Pamantayang Pagganap (*Performance Standard*)** | *The learners manage emotions, make decisions, recognize similarities and differences of people, and express oneself based on personal experiences; participate actively in various physical activities; use hands in creating models; perform coordinated body movements; and take care of one's physical health and safety.* |
| **C. Mga Kasanayang Pampagkatuto (*Learning Competencies*)** | • *Recognize oneself as a member of a family*<br>• *Narrate one's personal experiences*<br>• *Express oneself through music, arts, and movement*<br>• *Create artworks using local and available materials*<br>• *Demonstrate locomotor and non-locomotor movements*<br>• *Produce the sound of the letter it stands for*<br>• *Write the letters of the alphabet in uppercase and lowercase form*<br>• *Compare quantities using one-to-one correspondence to determine which has more, less, or equal compare quantities using one-to-one correspondence to determine which has more, less, or equal;* |
| **D. Mga Layunin (Mensahe)** | • Natutukoy ang kasalukuyang buwan<br>• Natutukoy ang buwan ng kapanganakan (sarili, kapamilya, kaklase)<br>• Napahahalagahan ang iba't ibang pagdiriwang o okasyon na madalas ipagdiriwang sa bahay at sa paaralan<br>• Naikukuwento ang sariling mga karanasan |

| | |
|---|---|
| **E. Nilalaman/Paksa (*Content Focus*)** | Ipinagdiriwang Natin ang Iba't ibang Okasyon. Bawat pamilya ay may ipinagdiriwang na iba't ibang okasyon. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

<table>
<tr><th>BLOCKS OF TIME</th><th>LUNES</th><th>MARTES</th><th>MIYERKOLES</th><th>HUWEBES</th><th>BIYERNES</th></tr>
<tr><td>Arrival Time<br>Free Play<br>(10 minuto)</td><td colspan="5">Batiin ang mga bata sa kanilang pagdating. Kapag may lugar sa labas ng classroom upang pumila ang mga bata nang hindi maaarawan o mauulanan, papilahin sila. (Sumangguni sa Teacher’s Guide ukol sa intentional teaching patungkol sa routine activities).<br><br>Sabihin sa mga bata na ibaba ang kanilang mga gamit at maghanda na sa pagsisimula ng klase.<br><br>Bigyan ng mga laruan ang mga mag-aaral na akma sa aralin.<br>hal.<br>A. Pagkulay ng mga larawan na nagsisimula sa letrang napag-aralan na<br>B. Pagbibilang gamit ang iba’t ibang blocks o kahit anong counters (Popsicle sticks)<br>C. Paglaro ng iba’t ibang hugis ng blocks/building blocks<br>D. Matching numbers and pictures it represents<br>Matapos ang sampung minuto, awitin ang Isa, Dalawa, Tatlo o iba pang awit na maaaring gamitin upang umupo ang mga bata. (Sumangguni sa Apendiks.)</td></tr>
<tr><td>Meeting Time<br>(15 minuto)<br><br>Routine Activities</td><td colspan="5">Pambansang Awit<br>Panalangin<br>Ehersisyo<br>Kumustahin ang mga bata, magtanong din tungkol sa balita sa telebisyon o radyo na napanood o narinig nila, current events)<br><br>Balitaan:<br>Ating alamin ang petsa, araw, buwan ngayon gamit ang ating kalendaryo.<br><br>Kahapon ay <u>(e.g., Linggo)</u> Ngayon ay __./Anong araw at petsa ngayon? /Anong buwan ngayon? Awitin ang Lubi-Lubi at huminto sa buwan natin ngayon. Pang-ilang buwan na tayo?<br>Bukas ay __.<br>Ang petsa ngayon ay ika _ng ____, taon _.<br><br>Ang panahon ngayon ay_. (maulan, maaraw, atbp.)<br>Ilan ang mga babae? Ilan ang mga lalaki? Ilan lahat ang mga bata? Bilangin natin.</td></tr>
</table>



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

<table>
<tr><td>Mga Mensahe</td><td colspan="3">Ang isang buong taon ay binubuo ng labindalawang buwan. Ito ay ang Enero, Pebrero, Marso, Abril, Mayo, Hunyo, Hulyo, Agosto, Setyembre, Oktubre, Nobyembre at Disyembre.<br><br>May mahahalagang okasyon ang ipinagdiriwang sa bawat buwan ng taon.<br><br>Ang bawat okasyon ay ipinagdiriwang at binibigyang halaga.</td><td colspan="2">Ang pagsunod sa panuto ay isang magandang katangian upang tayo ay matuto.<br>Ano ang ginagawa tuwing tag-ulan at tag-init?<br>Ang marunong sumunod sa panuto ay isang magandang kaugalian upang maiwasan ang magkamali. Anong panuto ang dapat sundin para laging ligtas?<br><br>Ang kaarawan ko ay nasa buwan ng _______.</td></tr>
<tr><td>Mga Katanungan</td><td colspan="3">• Anong mga buwan ang bumubuo sa isang taon?<br><br>• Ano-ano ang mga ipinagdiriwang na mayroon sa bawat buwan?<br><br>• Anong buwan ipinagdiriwang ang bagong taon? Mahal na araw? Buwan ng mga Puso? Buwan ng Wika? Pasko?<br><br>• Alam ninyo ba kung kailan ang inyong kaarawan? Paano ninyo ito ipinagdiriwang?</td><td colspan="2">• Ano ang dapat gawin kapag pumupunta sa isang lugar na hindi natin alam?<br><br>• Kapag may iniuutos sa atin ang ating mga magulang o sino man, ano ang dapat gawin? Bakit?</td></tr>
<tr><td>Circle Time 1 (Work Period)<br>(45 minuto)</td><td>Awitin natin ang Kaibigang Libro.<br><br>Story:<br>Rambakantayo!<br>(Let's Celebrate!)<br>(Ariana Santoalla, USAID Basa Pilipinas Project)</td><td>Awitin natin ang Lubi-Lubi.</td><td>Awitin natin ang Kaibigang Libro.<br><br>Story:<br>Rambakantayo!<br>(Let's Celebrate!)<br>(Ariana Santoalla, USAID Basa Pilipinas Project)</td><td>Ipanood ang video:<br>Mga Tanim ni Isko<br>(Pagkakasunod-sunod ng mga Pangyayari)<br>https://www.youtube.com/@kbatachannel8539</td><td>CULMINATING DAY<br><br>Balikan muli ang kuwentong, "Mga Tanim ni Isko"</td></tr>
</table>



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | ***Tala sa Guro***:<br>Muling balikan ang kuwentong *Rambakantayo! (Let's Celebrate!)*<br><br>Ipakilala at ipaliwanag<br>ang mga sumusunod sa mga bata:<br>1. Pangalan ng buwan. Ilang buwan sa isang taon at ano- ano ang mga ito.<br>2. Kahulugan ng pagdiriwang at okasyon<br><br>***Pagganyak***<br>*Motivation question:*<br><br>Anong okasyon o pagdiriwang mayroon sa inyong tahanan? | ***Pagganyak***<br>*Motivation question:*<br><br>*Ano ang ikalima, ikaanim, ikapito at ikawalong buwan ng taon ang binanggit sa awitin?*<br><br>**Pangganyak na Tanong**<br><br>Motive question:<br>Ano-ano ang okasyon mayroon sa mga buwan ng Mayo, Hunyo, Hulyo at Agosto?<br><br>Para sa guro:<br><br>Muling ipakita ang mga larawan sa wordless book.<br><br>Rambakantayo! (Let's Celebrate!) (Ariana Santoalla, USAID Basa | ***Tala sa Guro***:<br>Muling balikan at ipakita sa mga bata ang aklat na ginamit sa unang araw.<br><br>***Pagganyak***<br>*Motivation question:*<br><br>Atin nang napag-aralan ang mga pagdiriwang o okasyon sa mga buwan ng Setyembre, Oktubre, Nobyembre at Disyembre? Ano-ano kaya ang mga ito?<br><br>***Pangganyak na Tanong***<br>*Motive question:* | **Tala sa Guro:**<br>Ipaunawa sa mga bata ang mga salita sa pamamagitan ng pagbigay ng scenario.<br>Hal.<br>Sagutin ang tanong.<br>1. Malakas ang bagyo. Marami na ang pinalilikas ng tirahan upang maging ligtas. Ano ang gagawin kapag pinalilikas? Saan dapat pumunta?<br>- pinalilikas<br>Maari ring gumamit ng larawan.<br>-nagliparan<br>-tumila<br>-lumago<br><br>**Pagganyak:**<br>Mahilig ba kayong maghalaman? Anong halaman ang kilala ninyo? | **Pagganyak:**<br><br>Naalaala ninyo pa ba ang kuwento tungkol sa mga tanim ni Isko? Tara! Muli natin itong balikan.<br><br>***Para sa guro:***<br><br>Muling ikuwento ang " Mga Tanim ni Isko" sa paraang dugtungan. Hikayatin ang mga bata na dugtungan ang kuwento ng guro.<br><br>Pagtalakay:<br>Paano natin matutulungan si Nanay o si Ate sa pag-aalaga ng halaman?<br><br>**Tara nang Mamasyal!**<br>Ipasyal ang mga bata sa hardin ng paaralan. |



DepED MATATAG · BAGONG PILIPINAS · Department of Education NCR
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Ano ang ginagawa ninyo kapag may mga espesyal na okasyon? | Pilipinas Project) | Ano-ano ang mga ipinagdiriwang sa mga buwan ng *Setyembre, Oktubre, Nobyembre at Disyembre?* | (Ipakita sa mga bata ang larawan ng halamanan. Hayaang kilalanin ng mga bata ang mga ito.)<br>***Pangganyak na Tanong***<br>Ano ang nangyari sa mga pananim ni Isko?<br>Ano ang ginawa ng mag Lolo pagkatapos ng bagyo? | Gabayan silang kilalanin ang mga halamang makikita rito.<br><br>Ipakuwento sa mga bata ang kanilang karanasan sa pamamasyal at sa mga nakita nilang mga halaman. |



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

<table>
<tr>
<td>Teacher Supervised Activity</td>
<td>Pangganyak na Tanong<br>Motive question:<br><br>Ano-ano ang mga espesyal na okasyon sa buwan ng Enero, Pebrero, Marso at Abril?<br><br>Para sa guro:<br>Ituro ang mga pagdiriwang sa buwan ng Enero hanggang Abril. Tanungin ang mga bata ng pagdiriwang na mayroon sa tahanan tulad ng kaarawan ng bawat miyembro ng pamilya o kaibigan/kamag-anak.<br><br>
<table>
<tr><th>Buwan</th><th>Mga Okasyon/ Pagdiriwang</th></tr>
<tr><td>Enero</td><td>Bagong Taon</td></tr>
<tr><td>Pebrero</td><td>Araw ng mga Puso</td></tr>
<tr><td>Marso</td><td></td></tr>
<tr><td>Abril</td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>
<table>
<tr><th>Buwan</th><th>Mga Okasyon/ Pagdiriwang</th></tr>
<tr><td>Mayo</td><td>Araw ng mga Ina<br>Flores de Mayo</td></tr>
<tr><td>Hunyo</td><td>Araw ng mga Ama</td></tr>
<tr><td>Hulyo</td><td>Buwan ng Nutrisyon</td></tr>
<tr><td>Agosto</td><td>Buwan ng Wika</td></tr>
</table>
</td>
<td>Muling isa-isahin ang mga larawan na nasa wordless na aklat at ituon ang talakayan sa mga nabanggit na huling apat na buwan. Maaaring magdagdag ng pagdiriwang o okasyon na hindi nabanggit sa aklat at sa talaan sa ibaba.<br><br>
<table>
<tr><th>Buwan</th><th>Mga Okasyon/Pagdiriwang</th></tr>
<tr><td>Setyembre</td><td>International Peace Day</td></tr>
<tr><td>Oktubre</td><td>UN Month</td></tr>
<tr><td>Nobyembre</td><td>Buwan ng Pagbasa</td></tr>
<tr><td>Disyembre</td><td>Araw ng Pasko</td></tr>
</table>
</td>
<td>Paano lumalaki o tumutubo ang mga halaman?</td>
<td>Hanapin mo Ako!<br><br>Pangkatang gawain.<br>Para sa guro: Ihanda ang chart ng iba’t ibang letra at iba’t ibang mga larawan na nagsisimula sa letrang Ii at iba pang letra.<br><br>Ipalaro sa mga bata.<br>1. Bigyan ng iba’t ibang letra ang bawat pangkat. (A to I letters)<br>2. Lagyan ito ng maraming malalaki at maliliit na letrang Ii. Samahan ito ng mga larawan na nagsisimula sa Ii.<br>3. Ipahanap sa mga bata ang letrang Ii, at ipatunog ito.<br>4. Ipahanap ang larawan na nagsisimula sa letrang Ii at</td>
</tr>
</table>



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| ***Teacher Supervised Activity*** | ***Talakayan***<br>*Post story discussion*<br>Isa-isang ipakita ang mga larawan sa aklat mula sa buwan ng Enero hanggang Abril at hikayatin ang mga bata na magkuwento tungkol dito.<br><br>Maaaring itanong:<br>Ano-ano ang mga kulay/pagkain/ bagay/ gawain ang nakikita ninyo sa larawan? Ano naman ang paborito ninyong pagkain/ kulay/ bagay?<br><br>Ano-ano ang mga espesyal na okasyong ipinapakita sa kuwento?<br><br>Ano ano ang mga espesyal na okasyon ang nabanggit sa kuwento?<br><br>Ano-ano naman ang mga espesyal na okasyon sa pamilya ninyo sa buwan ng Enero? Pebrero? Marso? Abril? | ***Talakayan***<br>*Post story discussion*<br>**Para sa guro:**<br>Pag-usapan at talakayin ang mga pagdiriwang o okasyon sa mga buwan ng Mayo hanggang Agosto.<br><br>Hayaan ang mga bata na magkuwento ng sariling karanasan sa bawat pagdiriwang. Isama sa araling ito ang mga okasyong ipinagdiriwang sa tahanan katulad ng kaarawan at iba pa. Sino-sino sa inyong pamilya ang may kaarawan sa bawat buwan?<br>Sino – sino sa inyo ang may kaarawan sa mga buwan na nabanggit? Bibigyan ng guro ng larawan ng cake ang bawat. Ipadikit ang larawan sa buwan ng kapanganakan.<br>Ipagpatuloy ang pag-aaral ng letrang Ii. Magbigay ng mga larawan na nagisismula sa letrang Ii. *(Iugnay sa mga* | ***Talakayan***<br>*Post story discussion*<br><br>**Para sa guro:**<br><br>Pag-usapan at talakayin ang mga pagdiriwang o okasyon sa mga buwan ng Setyembre hanggang Disyembre.<br><br>Hayaan ang mga bata na magkuwento ng sariling karanasan sa bawat pagdiriwang.<br><br>Isama sa araling ito ang mga okasyong ipinagdiriwang sa tahanan katulad ng kaarawan at iba pa.<br><br>Muling ipagawa, ang pagdikit ng larawan ng cake sa buwan ng kapanganakan.<br><br>Iba pang gawain:<br><br>-Magkaroon ng *role playing* ng pagdiriwang.<br>Ipagpatuloy ang pag- aaral ng letrang Ii. | ***Talakayan***<br>*Post story discussion*<br><br>Sino -sino ang mga tauhan sa kuwento? Ano ang masasabi ninyo sa paligid ng bahay nina Isko?<br><br>Ano ang nangyari sa kanilang pananim?<br><br>Ano ang naramdaman ni Isko pagkatapos ng bagyo at ano ang ginawa nila pagkatapos?<br>Sino sa inyo ang may alagang mga halaman sa tahanan?<br>Tumutulong ba kayo sa pag-aalaga nito? Paano ninyo ito inaalagaan?<br><br>Hayaan ang mga batang magkuwento ng kanilang karanasan sa paghahalaman.<br><br>Ipaguhit ang paborito nilang halaman. Ipakuwento ang kanilang *drawing* at | pagtapatin ito.<br>*5. Letter Hunt Ii in the newspaper or any article. Ipahanap sa Newspaper ang letrang Ii. Bilugan at kulayan ito.(Pre-assigned: Magdala ng isang pahina ng diyaryo)*<br><br>Muling ipasulat ang malaki at maliit na letrang Ii. (sa hangin, sa likod at sa papel)<br><br>Maaaring maghanda ng iba pang mga gawain para sa araling ito.<br><br>Ipagamit ang *playdough* sa paggawa ng letrang Ii. (*Sanggunian: Apendiks*) |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | May nagdiriwang ba sa inyo ng kaarawan sa buwan ng Enero? Hayaang magkuwento ang mga bata ng kanilang karanasan sa mga pagdiriwang na nabanggit.<br><br>Ipakilala ang letrang Ii sa araling ito. Magkaroon ng mga gawain na makatutulong sa pagbigkas ng tamang tunog o sound ng I. (letrang Ii). Magpakita ng larawan na nagsisimula sa letrang Ii. Bigkasin ng guro at ipagaya sa mga bata. Maaring magpanood ng video ng tamang pagbikas ng letrang Ii.<br><br>Gumawa ng iba pang gawain upang matutuhan ng mga bata ang letrang Ii. | *nakikitang gamit sa mga nabanggit na okasyon. Hal. ilaw)* | Magbigay ng mga larawan na nagsisimula sa letrang Ii.<br>(Bigyang diin ang tunog ng letra)<br><br>Maaring ipagawa:<br><br>Magbigay ng mga larawan ng mga bagay na nagsisimula sa letrang Ii at ipasabi sa mga bata kung ano ang nasa larawan. Ipadikit sa isang corner ng silid ang mga ito.<br><br>Ipatunog muna ang letrang Ii.<br><br>Pagpareha ng mga larawan na nagsisimula sa letrang Ii.<br><br>Pagsulat ng maliit at malaking letrang Ii<br><br>Maaari rin ipagawa:<br><br>*Celebrating with Family* (Sumangguni sa Apendiks para sa panuto.) | sabihin kung bakit nila ito nagustuhan.<br><br>Muling pag-aralan ang letrang Ii.<br><br>Anong halaman o bulaklak ang nagsisimula sa letrang Ii?<br><br>Ipasulat ang malaki at maliit na letrang Ii.<br><br>Magbigay ng iba pang mga gawain sa araling ito. | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

<table>
<tr>
<td>Supervised Recess<br>(15 minuto)</td>
<td colspan="5">Mga bata sampung minuto na lang ang natitira. Pumalakpak tayo ng limang beses para sa natapos nating mga gawain. Sabay, sabay, 1, 2, 3, 4, 5.<br><br>Maghahanda na ang lahat para tayo’y umawit ng __________. Pagkatapos, tayo ay pumila para sa paghuhugas ng ating mga kamay.<br><br>Kung handa na ang lahat, tayo ay manalangin.<br><br>(Kapag kumakain na ang mga bata) Puwede din kayong magbahagi ng pagkain sa inyong mga kaklase. Bago matapos ang limang minuto, maaring itanong, ano ang lasa/kulay/hugis ng inyong pagkain?<br>Pagkatapos kumain, maghuhugas uli ng mga kamay. Mahalaga na palaging malinis ang ating mga kamay para maiwasan ang pagkakaroon ng sakit.</td>
</tr>
<tr>
<td>Quiet / Nap Time<br>(10 minuto)</td>
<td colspan="5">Maaaring magpatugtog ng instrumental song/piano music habang nagpapahinga ang mga bata.<br>Tapos na ang sampung minuto, maghahanda na tayo para sa iba pang mga masasayang gawain.</td>
</tr>
<tr>
<td>Teacher-Supervised Activity</td>
<td>Ipaawit ang Lubi-Lubi (Source: Youtube) para sa panimulang gawain.<br><br>Para sa Guro:<br><br>Maghanda ng flash card na nakasulat ang mga buwan at flash card na may nakasulat na 1 hanggang 12.</td>
<td>Ipanood sa mga bata ang Awiting, “Ngayon ay Kaarawan mo”<br>(Source: YT Flexi Bear https://www.youtube.com/watch?v=hLYD8P0KeOw)<br><br>Itanong sa mga bata:<br>Para saan ang awitin?<br>Sino ang may kaarawan ngayong araw o ngayong buwan ? Paano ipinagdiriwang ang inyong kaarawan?<br><br>Hayaang magkuwento ang mga bata tungkol sa kanilang karanasan,</td>
<td>“Ang Aking Tambol” (Source: YT Flexy Bear Original)<br><br>Nakakita na ba kayo ng tambol? Saan ito nakikita? Ano ang pakiramdam kapag nakaririnig kayo ng tambol?</td>
<td>Kapitan Bilang – Subtraction (song) | ATBP | Early Childhood Development (Knowledge Channel) https://youtu.be/rqUjsaK vc8k<br><br>Ipanood sa mga bata ang video.<br><br>Ituro ang konsepto ng pagbabawas o pag- aalis (Minus)</td>
<td>Awiting:<br>Isa, Dalawa, Tatlo<br>Source: Flexy bear<br>https://www.youtube.com/watch?v=-n8DiRidg2Q<br><br>Para sa Guro: Gamit ang popsicle sticks o kahit anong pamilang, ipagawa sa mga bata ang sumusunod: (one at a time)</td>
</tr>
</table>



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Mga Gawain sa grupo**<br><br>(*Independent Activities*) | Itanong sa mga bata:<br><br>Mula sa napakinggang awitin, ilang buwan ang binanggit ? Muling iparinig ang awit at pabilangin ang mga bata sa tuwing binabanggit ang buwan.<br><br>Maaaring ihinto ang awitin tuwing babanggitin ang ngalan ng buwan. Ipakita ang *flash card* na may nakasulat na ngalan ng buwan. Gawin ito hanggang matapos ang gawain. Ano ang unang buwan? At iba pa.<br><br>Ipabilang sa mga bata ang *flashcard* na may nakasulat na buwan.<br><br>Pagtapatin ang *flash card* na may nakasulat na bilang | Para sa guro:<br><br>1. Maghanda at magpakita ng mga larawan na ginagamit sa iba't ibang okasyon. Ipapili sa mga bata ang ginagamit tuwing may handaan sa kaarawan.<br><br>2. Bilangin ang mga nakikita sa handaan tuwing kaarawan.<br>(Lobo, keyk, kandila, icecream, pansit, spaghetti.)<br><br>3. Magkaroon ng gawain ng pagkumpara, marami o kaunti. *(Comparing qualities-more or less).* Hal. '<br>Tingnan ang mga lobong ginamit sa handa sa kaarawan ni Ella.<br>  | Tingnan ang mga regalong nasa larawan<br><br><br><br>Source of pictures: https://www.freepik.com/free-photos-vectors/gift-box-clipart<br><br>Pagkumparahin ang mga nasa larawan. Alin ang marami? Alin ang may parehong bilang? Alin ang mas kaunti? | Gumamit ng mga konkretong bagay sa pagtuturo nito.<br><br>Hal. *Popsicle sticks*<br>*Bottle caps*<br>*straw*<br><br>Bumilang ng 10 straw. Ibigay sa katabi ang 5. Ilan ang nati ra sayo? | Titingnan ng guro ang mga gawa ng mga bata.<br><br>1. Ilagay sa mesa ang 5 *popsicle sticks*.<br><br>2. Gumawa ng 2 set o pangkat na may magkaparehong bilang na 7.<br><br>3. Ano ang mas marami sa 5? Ilagay ito sa mesa.<br><br>4. Ano ang mas kaunti sa 10? Ilagay ito sa mesa.<br><br>5. Kung ako ay may 5 mansanas at ang ate ko ay may 3, alin ang mas marami? Ilagay ang bilang sa mesa. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | sa *flashcard* na may nakasulat na pangalan ng buwan.<br>Pagsunud-sunurin ang mga buwan ng taon.<br>Bigyang diin sa araling ito ang “*one-to-one correspondence*”, pagbilang mula 1-10. |  <br>Bilangin ang mga lobo sa bawat kahon. Alin ang kaunti ? Alin ang marami o mas marami? Bakit nasabi mong kaunti? Kailan mas marami? May magkapareho ba ng bilang? Ituro ito.<br><br>Magdagdag ng iba pang gawain.<br><br>Source of pictures. https://www.pexels.com/search/balloons/ | **Para sa guro**:<br><br>Ipagpatuloy ang pag-aaral ng pagkukumpara ng mas kaunti at mas marami at magkapareha.<br><br>Idagdag sa araling ito ang magkapareho ng bilang.<br><br>Magbigay ng iba pang gawain para sa araling ito. | | |
| | Tingnan sa Appendiks.<br><br>*Math-Related Activities:*<br>• *Scavenger Hunt:* Hugis<br>• *Number Collage*<br>• *It’s A Match*<br><br>Literacy-Related Activities:<br>• Paborito Kong Pagkain<br>• *Scavenger Hunt*: Letra<br>• Pag-ikot ng Letra<br>• Letra sa *Playdough*<br><br>***Tala sa Guro***: Hindi kailangan tapusin ang lahat ng gawain na ito sa isang linggo. Siguraduhin lang na ang bawat bata ay makagagawa ng 4 hanggang 5 gawain mula sa listahan na ito. | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Indoor/ Outdoor Play** (35 minuto) Activities | Limang minuto na lang ay matatapos na ang gawain natin. (Pagkalipas ng 5 minuto) Tapos na ang limang minuto, maghahanda ulit tayo para sa iba pang mga masasayang laro. Aawitin natin muli ang 'Nasaan Si Tatay?' / 'Masaya Kaming Pamilya.' | | | | |
| | *Mother/Father, May I?* | *Family Relay* | *Unstructured Free Play* | Gaya-gaya | *The Boat is Sinking* |

| | |
|---|---|
| | Sabihin sa mga bata na may sampung minuto na lamang at matatapos na ang paglalaro. (Pagkatapos ng sampung minuto) Mga bata, ibabalik na natin ang mga kagamitan natin sa paglalaro at uupo na tayo upang magpaalam.<br><br>Maaari ring awitin ang Tong Tong Tong Pakitong-kitong (sumangguni sa Apendiks). |
| ***Wrap Up Time* (mensahe) & *Dismissal*** (10 minuto) | Ano ang masasabi ninyo sa mga ginawa natin ngayong araw? Nagustuhan ba ninyo? (Kung may mga sumagot nang hindi, itanong kung bakit. Maaaring hikayatin silang pag-isipan, "Ano kaya ang puwede nating gawin sa susunod?)<br>Ano-ano ba ang mga ginawa natin ngayong araw?<br>May natutuhan ba kayo sa iba't ibang mga gawain o laro? Ano ang inyong natutuhan?<br><br>Balikan ang kuwentong binasa sa araw na iyon at ang mga naibahagi ng klase patungkol sa paksa o mga tanong (*motive question* at *post-story discussion*).<br><br>Awitin natin ang kantang (paalam) _________. Maghahanda na ang lahat para sa pag-uwi. |
| **Dismissal Routine:** Paalalahanan ang mga mag-aaral tungkol sa pag-iingat sa pag-uwi (halimbawa, pagtawid ng kalye), sa mga takdang aralin o kailangang ipaalala sa mga magulang, atbp. | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| LINGGUHANG PAGNINILAY NG GURO | |
|---|---|
| **Mga Tanong Sa Pagninilay** | |
| A. Aling bahagi ng gawain ang nagustuhan ng mga bata? Bakit? | |
| B. Alin ang hindi nila gaanong nagustuhan? Bakit? | |
| C. Sa iyong palagay, aling istratehiya sa pagtuturo ang naging epektibo? Bakit? | |
| D. Anong inobasyon/ lokal na materyales ang iyong ginamit sa araw na ito? Ano ang naging reaksyon ng mga bata dito? | |
| E. Anong obserbasyon sa mga bata ang gagamitin mo upang lalo pang mapaganda ang iyong pagtuturo? | |
| F. Nasagot ba ng mga bata ang mga tanong? (tingnan ang mga katanungan' pagkatapos ng 'Mensahe'). | |

| Inihanda ni: | Sinuri ni | Pinagtibay ni: |
|---|---|---|
| ______________________ | ______________________ | ______________________ |
| Guro | Dalubguro | Punongguro |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

## Apendiks

### A. Mga Gawaing Kaugnay ng Tema (*Theme-Related Activities*)


***<u>Celebrating with Family</u>***

Layunin: Natutukoy ang mga espesyal na okasyon kasama ang pamilya
Nakagagawa ng isang *booklet* para sa sariling pamilya

Mga Kagamitan: *bond paper*, materyales na pangdrowing at pangkulay
Bilang ng Kasali: Buong klase

Paghahanda:
1. Gamit ang ilang *bond paper* na naka-*staple* o *fastener* sa gitna, gumawa ng *booklet* para sa bawat mag-aaral.
2. Lagyan ng mga linya ang ibabang kalahati ng bawat pahina; mga ½ inch ang pagitan ng bawat linya. (Sumangguni sa anyo sa ibaba.)

Pamamaraan:
1. Hikayatin ang bawat mag-aaral na magdrowing ng kanilang pamilya at mga paborito o pinakamasasayang espesyal na okasyon na kasama ang pamilya.
2. Hikayatin din silang magsulat tungkol sa kanilang mga drowing. Hayaan ang mga bata na magsulat sa anomang paraan na gusto o kaya nila (sumangguni sa *Teacher's Guide*, partikular sa *Emergent Literacy*).
3. Maaari rin silang magdrowing, magkulay o mag-*decorate* (gamit ang iba't ibang materyales, tulad ng ginamit sa gawaing "Frame It!") ng pabalat ng kanilang *booklet*. Hikayatin silang isulat ang kanilang pangalan sa kanilang nilikha.





Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

## B. Other Math Activities

### Number Collage

Layunin: Nakikilala ang bilang (numero)
Natutukoy ang pagkakasunod-sunod ng mga bilang
Mga Kagamitan: mga lumang diyaryo/magasin/katalog/poster/atbp., gunting, pandikit, papel (na pagdidikitan)
Bilang ng Kasapi: 4-8 na mag-aaral

Pamamaraan:
1. Bigyan ang bawat mag-aaral ng isang pahina ng diyaryo/magasin/katalog.
2. Ipahanap sa kanila ang mga bilang mula 0 hanggang 6 (o kung hanggang saan ang *target number)*, mula sa hawak nilang diyaryo/magasin/katalog. Sabihan silang gupitin ang bawat bilang, at idikit sa papel nang sunod-sunod (0, 1, 2, 3, 4, 5, 6).
3. Basahin ang bawat ginawa: ituro ang bawat bilang at bigkasin ang bilang.
4. Maaaring pag-usapan ang iba't ibang katangian ng mga ginupit na bilang (base sa *font*): Alin ang malaki/maliit? Alin ang mas malaki/maliit? Alin ang mas mabilog/payat/matangkad? Atbp.
5. Maaaring maghanap sa silid-aralan ng mga bagay na may parehong bilang, halimbawa: may anim na bata sa mesa/grupo; ipatukoy sa mga bata kung aling bilang (numero) ang nagpapakita ng anim.

### It's A Match

Layunin: Naihahambing ang bilang (numero) sa dami ng bilog/bagay
Mga Kagamitan: isang *set* ng *numeral cards* na may bilang 0-6 (o kung hanggang saan ang *target number*) at isang *set* ng *dot pattern cards* na may mga bilog o *dots* (katumbas ng mga bilang, hal., may anim na bilog/ *dots* na katumbas ng 6)
Bilang ng Kasali: 4-8 na mag-aaral

Pamamaraan:
1. Ilagay ang mga *numeral cards* na nakabaligtad (hindi nakikita ang bilang) sa mesa o sahig.
2. Ilagay naman ang *dot pattern cards* sa isang *tray* o kahon.
3. Bawat bata ay kukuha ng isang *dot pattern card* mula sa kahon at ipagpapares ito sa *numeral card*.
4. Kapag tama ang kanyang nagawa, maaari siyang tumawag ng susunod na bata para gawin ang gawain.
5. Maaaring balasahing muli ang mga *cards* at ulitin ang gawain, hanggang sa mabilis nang gawin ng lahat ng mag-aaral.
6. Kung kayang-kaya na itong gawin ng mga mag-aaral, maaaring dagdagan ang *cards* para higit pa sa bilang 6 ang gagamitin.



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

### C. ***Other Early Literacy* Activities**

**Paborito Kong Pagkain**

Layunin: Natutukoy at naisusulat ang unang letra ng paboritong pagkain
Nasasabi ang paboritong pagkain
Mga Kagamitan: papel; panulat at pangkulay; iba't ibang materyales, hal., *popsicle sticks*/ patpat, dahon, *beads*/buto, tali/*string*/*yarn*, atbp.; gunting, pandikit; *alphabet chart* o papel kung saan nakasulat ang alpabeto
Bilang ng Kasali: 4-8 na mag-aaral

Pamamaraan:
1. Bigyan ng papel ang bawat mag-aaral. Gamit ang panulat, pangkulay at iba't ibang materyales, sabihan silang gumuhit o gumawa ng paborito nilang pagkain.
2. Pagkatapos nilang gumawa, tanungin ang bawat isa kung ano ang kanilang ginawa. Ano ang pagkain iyan? Anong letra kaya nagsisimula ang pagkaing iyan? Ipaturo sa mag-aaral ang letra sa *alphabet chart*.
3. Maaaring hikayatin silang isulat sa papel ang unang letra ng pagkain, o kung nais at kaya ng mag-aaral, ang pangalan ng pagkain.
4. Maaari ring tanungin ang mga mag-aaral habang sila ay gumagawa: Bakit mo paborito ang pagkain na iyan? Sino ang nagluluto/gumagawa niyan? Kung nais at kaya nang mag-aaral, maaari rin nilang isulat ang kung ano mang nais ibahagi tungkol sa kanilang paboritong pagkain.

**Scavenger Hunt: Letra**

Layunin: Nakikilala at nasasabi ang tunog ng letrang Ii
Mga Kagamitan: iba't ibang kagamitan o bagay na nagsisimula sa *letrang Ii* nakalagay sa iba't ibang lugar sa silid-aralan, papel (*bond paper* o likod ng lumang *printout*), panulat at/o ang kulay
Bilang ng Kasali: 4-8 na mag-aaral

Pamamaraan:
1. Ipagrupo ang mga mag-aaral nang magkakapares.
2. Ipahanap sa bawat pares ang iba't ibang mga bagay sa silid-aralan na nagsisimula sa *letrang Ii*.
3. Ipaguhit sa bawat pares ang mga bagay na kanilang nakolekta, at ipasulat ang *letrang Ii* sa itaas ng papel.
4. Kapag natapos na ang lahat sa pagguhit, ipakita ang gawa nila sa ibang mag-aaral (sa gawaing ito) at itanong sa kanila kung ano-ano ang mga bagay sa larawan. Hikayatin ang mga mag-aaral na tukuyin kung ang mga bagay ba ay nagsisimula sa letrang Ii.



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Pag-ikot ng Letra (o Tugma)**

| | |
|---|---|
| Layunin: | Natutukoy ang mga salitang nagsisimula sa letra Ii. (Alternatibo: Matukoy ang mga salitang magkakatugma.) |
| Mga Kagamitan: | bola o kahit anong bagay/gamit na madaling hawakan at ipasa (halimbawa, *block*, *stuffed toy*, *roll* ng *tape*, *marker*, atbp.) |
| Bilang ng Kasapi: | 4-8 na mag-aaral |

Pamamaraan:

1. Paupuin ang mga mag-aaral sa isang bilog sa sahig o paikot sa mesa.
2. Ibigay ang bola (o kung anoman ang natukoy na bagay/gamit) sa isang mag-aaral. Magbigay ng isang letra at bigkasin ang tunog nito.
3. Simula sa mag-aaral na may hawak ng bola, mag-iisip at bibigkas siya ng salitang nagsisimula sa letra na tinukoy (maaaring tumukoy ng isang kategorya, halimbawa: bagay/pagkain/laruan/atbp.). Ipapasa niya ang bola sa katabi, na siya namang magbibigay ng salitang nagsisimula sa tinukoy na letra.
4. Iikot ang bola hanggang may mag-aaral na hindi na makapagbigay ng salita sa letra na iyon.
5. Maaaring magsimula ulit, gamit ang ibang letra, o ibang kategorya ng salita.
6. Alternatibo: Magbibigay ng isang salita ang guro, at mag-iisip ng mga salitang katugma ang mga mag-aaral. Halimbawa: aso, baso, laso, atbp.



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Letra sa Playdough**

Layunin: Nakikilala ang letrang Ii
Nakagagawa o nakabubuo ng mga letra gamit ang luwad o *playdough.*
Mga Kagamitan: luwad / *playdough*, *letter cards* (mga *uppercase* at/o *lowercase* na titik, nakasulat o naka-*print* sa karton)
Bilang ng Kasali: 4-8 na mag-aaral

Pamamaraan:
1. Bigyan ang bawat mag-aaral ng kapirasong luwad o *playdough*.
2. Pumili ng mga letra na tutukuyin ng mga bata; maaaring may *uppercase* at *lowercase* ng bawat letra. Ipakita ang bawat *letter card*, at itanong sa mga mag-aaral kung ano ang letra na iyon. Ilagay ang mga *letter card* sa mesa, halo-halo (hindi magkasama ang *uppercase* at *lowercase* ng isang letra).
3. Hikayatin ang mga mag-aaral na gayahin ang bawat letra gamit ang luwad/*playdough*.
4. Kapag natapos na ang lahat, ipapares/ipapareha sa kanila ang *uppercase* at *lowercase* ng mga letra.
5. Maaari silang himukin na mag-isip ng paboritong pagkain/laro/laruan/gawain/atbp na nagsisimula sa bawat letra.

**D. Indoor/Outdoor Games <u>Puwede po, Inay/Itay?</u>**

Layunin: Nauunawaan at nakasusunod sa mga panuto o tagubilin
Naigagalaw ang katawan sa iba't ibang malikhaing paraan
Mga Kagamitan: *chalk* o patpat
Bilang ng Kasali: Higit sa dalawang mag-aaral

Pamamaraan:
1. Pumili ng lider, o si "Inay/Itay." Tatayo ang lider sa isang dulo ng paglalaruang lugar, habang ang ibang mga kalaro (ang mga "anak") ay nakalinya nang pahalang sa kabilang dulo (nakaharap sa lider). (Gamit ang *chalk*, maaaring magdrowing o magtakda ng isang "*starting line*" upang alam ng mga mag-aaral kung saan sila dapat tumayo at magsimula. Kung sa labas ang paglalaruang lugar, maaaring gumuhit ng linya sa lupa gamit ang patpat.)
2. Magbibigay si "Inay/Itay" ng tagubilin o *instructions* sa isa sa mga kalaro, halimbawa:
   "Bong, humakbang ka ng <u>[bilang at klase ng hakbang]</u>." Sasagot ang "anak": "Puwede po, Inay/Itay?"
   Sasagot si Inay/Itay: "Opo, pupuwede po" o "Hindi po pupuwede. Humakbang ka na lang ng _____ na hakbang."

3. Kapag "pinayagan" na ni Inay/Itay, hahakbang na ang manlalaro ng itinakdang bilang at klase ng hakbang.



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

4. Kapag humakbang ang "anak" nang hindi humihingi ng permiso, siya ay babalik sa *starting line*. Ang unang makaabot kay Inay/Itay ang magiging bagong lider.

5. Maaaring mga hakbang:
    - *baby step*: naka-*tiptoe*
    - *giant step*: pinakamalaking hakbang na kakayanin
    - *split*: i-*slide* ang isang paa hanggang sa kakayanin
    - *side gallop*: humakbang patagilid
    - *fire engine/police car*: tumakbo hanggang sabihin ni Inay/Itay na "Tigil!" o "Stop!"
    - *frog leap*: tumalon na parang palaka
    - *rabbit step*: tumalon sa isang paa
6. Maaari ring gumawa at magmungkahi ng ibang mga hakbang ang klase.

**<u>Family Relay</u>**

| | |
|---|---|
| Layunin: | Nakatatakbo nang mabilis<br>Nakagagawa nang kasama ang mga kagrupo. |
| Mga Kagamitan: | *chalk* o patpat |
| Bilang ng Kasali: | 6 bawat pangkat o *team* |

Pamamaraan:

1. Magtalaga ng isang *starting line* (gumuhit gamit ang *chalk* o patpat) kung saan ang lahat ng mga *team* ay dito magsisimula. Sa kabilang dulo naman ng paglalaruang lugar, may linya rin kung saan may poste (halimbawa, isang upuan, o di kaya bote ng tubig) na iikutan ng mga *team*. Bawat *team* ay may kani-kanilang poste.
2. Pipila ang bawat *team* sa *starting line*, katapat ng kanilang poste. Kapag ibinigay na ang senyas (halimbawa, bibilang ng "Isa, Dalawa, GO!") ay tatakbo ang unang manlalaro patungo sa poste, iikot doon at tatakbo pabalik sa *starting line*.
3. Pagdating sa *starting line*, hahawakan niya ang kamay ng susunod na manlalaro, at magkasama silang tatakbo papunta sa poste at pabalik.
4. Magpapatuloy ang laro hanggang ang huling manlalaro ay nakatakbo na kasama ang buong *team*.
5. Ang unang *team* na makakabalik sa *starting line* ang magwawagi.



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Gaya-gaya**

Layunin: Nakasusunod sa mga panuto;
Mga Kagamitan: wala
Bilang ng Kasali: Dalawa o higit pang mag-aaral

Pamamaraan:

1. Pumili ng "taya" para sa larong ito. Maaaring ang guro ang mauuna munang "taya" upang maipakita sa mga mag-aaral kung paano laruin ang laro.
2. Gagayahin ng lahat ng mag-aaral ang gagawin ng "taya", halimbawa: gumalaw nang mabilis/mabagal/paibaba/paitaas/patagilid, gumalaw nang parang isang hayop (ibon, palaka, matsing, atbp).
3. Mga *variation*:
    a. Pipili o magtatalaga ang mga mag-aaral ng isang "*trick move*" (halimbawa: iikot, o tatayo sa isang paa, atbp.). Kapag ang "taya" ay nag-"*trick move*", dapat na tumigil (mag-*freeze*) ang lahat. Ang hindi mag-*freeze* ang magiging bagong taya.
    b. Katulad rin sa itaas na may "*trick move*", ngunit ngayon naman ay dapat iba ang igalaw ng mga mag-aaral (maliban sa mag-*freeze* o gayahin ang *trick move*). Ang hindi makasunod ang magiging bagong taya.
    c. Maaari rin itong laruin na magkakapares: ang isa muna ang "taya" at kapag nagkamali ng galaw ang kapareha ay siya naman ang taya.

**Lumulubog ang Bangka**

Layunin: Nakasusunod sa mga panuto
Nakabibilang ng dami ng tao/kalaro.
Mga Kagamitan: wala
Bilang ng Kasali: Higit sa apat (4) na mag-aaral

Pamamaraan:

1. Pipili ng isang "taya."
2. Sasabihin ng taya: "Lumulubog ang bangka, bumuo ng grupong tig-[bilang]." Bubuo ang mga manlalaro ng mga grupo na may ganoong bilang ng kalaro.
3. Habang bumubuo ng mga grupo, susubukan ng "taya" na makasali sa isa sa mga grupo.
4. Ang maiiwan na walang grupo o di kasali sa grupo ang magiging bagong "taya."


DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**E. Mga Kanta at Tula**

| | |
|---|---|
| **Nasaan si Tatay?**<br>(sa tono ng *Where is Thumbkin?*)<br>Nasaan si Tatay (2x)<br>Nandito (2x)<br>Bahagi ng pamilya (2x) Si Tatay (2x).<br><br>*Ulitin para sa iba't ibang miyembro ng pamilya (hal., Nanay, Ate, Kuya, Bunso, Lolo, Lola, Tito, Tita).*<br><br>*Maaaring gumamit ng ibang salitang ginagamit ng mga bata para tukuyin ang mga miyembro ng kanilang pamilya (hal., para sa Tatay: Itay/Daddy/Papa/Ama).* | **Masaya Kaming Pamilya**<br><br>(sa tono ng Masaya Kung Sama-sama)<br><br>Masaya kaming pamilya, pamilya,<br>pamilya Masaya kung sama-sama't<br>nagtutulungan.<br><br>Ang pamilya'y<br>___________ Masayang<br><br>Masaya kung sama-sama, at nagtutulungan.<br><br>*Hikayatin ang mga mag-aaral na mag-isip ng iba't ibang gawain na ginagawa ng pamilya, at punan ang patlang.* Halimbawa:<br>Ang pamilya'y nagluluto/ naglilinis/ kumakain / natutulog / atbp.<br>Masaya kaming nagluluto/ naglilinis/ kumakain / natutulog / atbp. |
| **Bahay Kubo**<br><br>Bahay kubo, kahit munti<br>Ang halaman doon ay sari-sari Singkamas at talong,<br>sigarilyas at mani Sitaw, bataw, patani<br>Kundol, patola, upo't kalabasa<br>At saka mayro'n pa, labanos, mustasa<br>Sibuyas, kamatis, bawang, at luya<br>Sa paligid-ligid ay puno ng linga. | **Tong Tong Pakitong-kitong**<br><br>Tong, tong, tong, tong<br>Pakitong-kitong<br>Alimango sa dagat<br>Malaki at masarap<br>Mahirap mahuli<br>Sapagkat nangangagat!<br>*(Ulitin ng 3-5 beses, pabilis nang pabilis)* |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| Ako Ay May Lobo | Kung Ikaw Ay Masaya |
| --- | --- |
| Ako ay may lobo<br>Lumipad sa langit<br>'Di ko na nakita<br>Pumutok na pala<br>Sayang ang pera ko<br>Ibinili ng lobo<br>Sa pagkain sana<br>Nabusog pa ako (Repeat)<br>Sa pagkain sana<br>Nabusog pa ako. | Kung ikaw ay masaya tumawa ka (hahaha)<br>Kung ikaw ay masaya tumawa ka (hahaha)<br>Kung ikaw ay masaya buhay mo ay sisigla<br>Kung ikaw ay masaya tumawa ka (hahaha)<br><br>Kung ikaw ay masaya pumalakpak<br>Kung ikaw ay masaya pumalakpak<br>Kung ikaw ay masaya buhay mo ay sisigla<br>Kung ikaw ay masaya pumalakpak<br><br>Kung ikaw ay masaya pumadyak ka<br>Kung ikaw ay masaya pumadyak ka<br>Kung ikaw ay masaya buhay mo ay sisigla<br>Kung ikaw ay masaya pumadyak ka<br><br>Kung ikaw ay masaya tumawa ka (hahaha)<br>Kung ikaw ay masaya tumawa ka (hahaha)<br>Kung ikaw ay masaya buhay mo ay sisigla<br>Kung ikaw ay masaya tumawa ka (hahaha) |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| **Ili-ili Tulog Anay** | **Sa Ugoy ng Duyan** |
| --- | --- |
| Ili-ili tulog anay<br>Wala diri imong nanay<br>Kadto tienda bakal papay<br>Ili-ili tulog anay<br>Mata kana tabangan mo<br>Ikarga ang nakompra ko<br>Kay bug-at man sing putos ko<br>Tabangan mo ako anay<br>Ili-ili tulog anay<br>Wala diri imong nanay<br>Kadto tienda bakal papay Ili-ili tulog anay | Sana'y 'di magmaliw ang dati kong araw<br>Nang munti pang bata sa piling ni nanay<br>Nais kong maulit ang awit ni inang mahal<br>Awit ng pag-ibig habang ako'y nasa duyan.<br><br>Sa aking pagtulog na labis ang himbing<br>Ang bantay ko'y tala, ang tanod ko'y bituin<br>Sa piling ni nanay, langit ay buhay<br>Puso kong may dusa sabik sa ugoy ng duyan. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph